

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____ 35

Mga sagot sa Pagbigay ng Tamang Panghalip na Panao

Panuto: Isulat sa patlang ang panghalip na panao na bubuo sa pangungusap.

Bb. Amelia Sarmiento: Mga mag-aaral, magkakaroon ng pag-uulat tungkol sa ika-anim na aralin sa ating aklat. Sinu-sino sa ⁽¹⁾ inyo ang nais na magboluntaryo?

Nais na magboluntaryo ang tatlong magkakaibigan na sina Carlos, Rene, at Ben kaya sabay-sabay na itinaas ⁽²⁾ nila ang kanilang mga kamay. Si Rene ang nagsalita para sa ⁽³⁾ kanilang tatlo.

Rene: Kami po ang mag-uulat, Binibining Amelia!

Bb. Amelia Sarmiento: Maraming salamat, Rene. Ikaw, si Carlos, at si Ben ang mag-uulat sa susunod na Lunes. Magpulong ⁽⁴⁾ kayo sa mga susunod na araw para paghandaan ⁽⁵⁾ ninyo ang pag-uulat.

Kinausap naman ni Binibining Amelia ang ibang mag-aaral.

Bb. Amelia Sarmiento: Sina Ben, Carlos, at Rene ang unang pangkat. Makinig kayo nang mabuti sa ⁽⁶⁾ kanila dahil ⁽⁷⁾ sila rin ang magbibigay sa inyo ng maikling pagsusulit sa Martes tungkol sa kanilang ulat.

Pagkatapos ng klase, nag-usap sina Ben, Carlos, at Rene.

Rene: Itinakda ni Binibining Amelia ang pag-uulat sa atin tatlo. Sinabi ⁽⁸⁾ niya na magsaliksik muna daw tayo. Kay Binibining Amelia ang aklat na ito. Sa ⁽⁹⁾ kanya rin itong malaking mapa ng Pilipinas. Maaari raw ⁽¹⁰⁾ natin gamitin ang mga ito sa pag-uulat.

Binuksan ni Rene ang kanyang aklat sa pahina ng ika-anim na aralin.

Rene: Ito ang aralin na tatalakayin natin. Nais ba ⁽¹¹⁾ ninyo na hatiin natin sa tatlong bahagi ang aralin para mas madali ang ⁽¹²⁾ ating gawain?

Carlos: Maaari ba na ⁽¹³⁾ ako ang unang mag-uulat? Nabasa ko na kasi ang unang bahagi ng aralin. Ito ay tungkol kay Ferdinand Magellan, isang Portuges na eksplorador. ⁽¹⁴⁾ Siya ay napatay sa isang sagupaan sa Mactan.

Rene: Sige, Carlos. Ikaw ang magpapakita sa klase kung saan dumaan ang plota ni Magellan. Magdala ⁽¹⁵⁾ ka ng mapa ng mundo para maipakita mo ang kanilang ruta. Ben, ⁽¹⁶⁾ ikaw naman ang pumili ng bahagi mo.

Ben: Nais ko na ako ang huling mag-uulat kaya sa ⁽¹⁷⁾ akin na lang ang huling bahagi ng aralin.

Rene: Sige, Ben. ⁽¹⁸⁾ Ikaw ang huling mag-uulat sa atin. Ang natitirang gitnang bahagi ng aralin ay sa ⁽¹⁹⁾ akin. Ito ang pag-aaralan ko.

Ben: Mas mainam na gumawa tayo ng presentasyon gamit ang programang *Microsoft PowerPoint* para makopya ng ⁽²⁰⁾ ating mga kamag-aral ang mahahalagang impormasyon ng aralin.

Carlos: Maganda ang mungkahi ⁽²¹⁾ mo, Ben! Ang pamilya ko ay may kompyuter sa bahay. Maaaring magpulong ⁽²²⁾ tayo sa bahay ⁽²³⁾ ko/namin upang gawin natin ang presentasyon doon. Ben, tatawagan ⁽²⁴⁾ kita sa Biyernes ng gabi at sasabihin ko sa ⁽²⁵⁾ iyo kung anong oras kayo maaaring pumunta sa bahay namin. Tatawagan din ⁽²⁶⁾ kita, Rene.

Ben: Carlos, saan ba namin mahahanap ang tirahan ⁽²⁷⁾ mo/ninyo ?

Carlos: Sa Kalye Sampaguita kami nakatira. Sa ⁽²⁸⁾ amin ang puting bahay na may dilaw na bakod.

Ben: Sige, Carlos. Hihintayin ⁽²⁹⁾ ko ang tawag mo sa Biyernes at sabay ⁽³⁰⁾ kami ni Ben na pupunta sa iyo. Dapat malinaw ang presentasyon ⁽³¹⁾ natin upang mas lalong maunawaan ng ating mga kamag-aral ang aralin. Malaki ang tiwala ni Binibining Amelia sa ⁽³²⁾ atin kaya huwag natin biguin ⁽³³⁾ siya.

Rene: Pumunta muna tayo sa silid-aklatan. Magsaliksik ⁽³⁴⁾ tayo tungkol sa mga ginawa ng mga unang Espanyol na dumating sa ⁽³⁵⁾ ating bansa.